

Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyonang Hindi Pang-emergency)**Mga Departamento:** Lahat ng Departamento**Mga Key Word:** Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente**Reference #** NA

Pahina 1 of 9

I. LAYUNIN

Nilalayon sa Patakarang itong tukuyin ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa mga diskwentong iniaalok sa mga pasyenteng tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital sa Stanford Health Care (SHC o ospital) at walang insurance. Nakalaan ang patakarang ito para sa Mga Pasyenteng Walang Insurance. Karaniwang hindi kasama sa diskwentong ito ang post-insurance na pagproseso ng mga balanse ng pasyente, kabilang ang mga co-payment, co-insurance at mga naibabawas sa insurance maliban na lang kung partikular na binanggit sa patakarang ito.

II. PATAKARAN


Nakatuon ang SHC sa patuloy na pagbibigay ng patas na diskwento sa mga indibidwal na walang insurance, o, sa ilang pagkakataon, sa mga indibidwal na may insurance pero walang pagsaklaw ng insurance para sa ilang partikular na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan sa paggamot, na iniaalok ng SHC, pero hindi kwalipikado para sa Pinansyal na Kinakailangang Diskwento na nakasaad sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong/Kawangggawang Pangangalaga ng ospital. Sinasalamain sa mga diskwentong ito ang kagustuhan ng SHC na matugunan ang mga indibidwal na pinansyal na sitwasyon ng mga pasyente nito, habang ginagampanan ang misyon nito na hindi nakatuon sa kita at ang misyon nitong makapagturo, at isinasakatuparan ang mga layunin nito sa istrategiya, pagpapatakbo, at pananalapi.

Nakatakda sa Patakarang ito ang mga tagubilin para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance. Maaaring ialok ang mga diskwento sa mga pasyenteng nakatira sa Estados Unidos o sa ibang bansa para sa mga serbisyo ng ospital na ibinibigay ng SHC at mga serbisyo ng doktor na ibinibigay ng mga doktor na empleyadong faculty ng Stanford University.

III. PAMAMARAAN

A. DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE – MGA TAGUBILIN


1. Pagpapakahulugan ng Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance:

		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyonang Hindi Pang-emergency)		Pahina 2 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

- a. Sa ilalim ng Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance, dapat limitahan ng SHC ang inaasahang babayaran ng Pasyenteng Walang Insurance para sa mga serbisyo ng ospital at doktor na kinakailangan sa paggamot, nang ayon sa pagpapakahulugan sa mga terminong iyon sa ibaba, sa halagang tutukuyin ng SHC na sakop ng hanay sa pagitan ng average na diskwento mula sa mga sinisingil na bayarin para sa lahat ng nagbabayad ng komersyal na fee-for-service na pinapamahalaang pangangalaga at ng pinakamababang diskwentong ibinibigay sa sinumang nagbabayad ng pinapamahalaang pangangalaga, sa kundisyong nabayaran na nang buo ang balanse ng pasyente o may mga pagsasaayos na isinagawa sa SHC para sa isang plano sa pagbabayad, sa loob ng 90 araw mula sa paunang statement. Ang mga diskwento ay nakadepende sa kumpletong pagbabayad ng napagkasunduang halaga. Susuriin nang kada quarter ang halaga ng Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance at maaari itong mabago anumang oras nang walang abiso. Para sa impormasyon tungkol sa kasalukuyang rate ng Diskwento, tingnan ang Attachment A.
- b. Kung gusto ng pasyenteng humingi ng pinansyal na tulong na mas malaki kaysa sa kasalukuyang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance, pinapasangguni ang pasyente sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong/Kawangawang Pangangalaga ng SHC, at maaari siyang magsagot ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong alinsunod sa Patakarang iyon.

2. Mga Kwalipikadong Serbisyo:

- a. Ilalapat ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance sa mga serbisyo ng ospital na kinakailangan sa paggamot na ibinibigay sa, o ibinibigay ng SHC. Dagdag dito, sumang-ayon ang mga doktor na empleyadong faculty ng Stanford University (Mga Doktor ng Stanford) na ilalapat din ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance sa ilalim ng Patakarang ito sa mga serbisyo ng doktor na kinakailangan sa paggamot na ibinibigay sa SHC ng Mga Doktor ng Stanford. (Ang mga pasyenteng nagpapagamot sa isang doktor na hindi doktor ng Stanford ay maaaring makipag-ugnayan nang direkta sa kanyang doktor upang magtanong kung may magagamit siyang diskwento para sa mga serbisyo ng mga doktor na ipinagkaloob ng mga doktor na hindi mula sa Stanford; hindi sinasaklaw ng Patakarang ito ang mga naturang doktor.) Kung sakaling hindi tiyak kung kinakailangan sa paggamot ang isang partikular na serbisyo, ang Chief Quality Officer ng SHC ang magpapasya tungkol dito. Maliban kung partikular na tinutukoy, ang pagpapatungkol sa “mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan” o “mga serbisyo ng ospital” ay nangangahulugang mga serbisyo ng doktor na kinakailangan sa paggamot na ibinibigay ng Mga Doktor ng Stanford.
- b. Ang mga serbisyo na karaniwang hindi itinuturing na kinakailangan sa paggamot at samakatuwid ay hindi kwalipikado para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance ay kinabibilangan ng:

		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyong Hindi Pang-emergency)		Pahina 3 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

- 1) Mga serbisyo sa Reproductive Endocrinology at Infertility
- 2) Mga serbisyo sa cosmetic o plastic surgery
- 3) Mga serbisyo ng pagwawasto sa paningin na kinabibilangan ng LASEK, PRK, Conductive Keratoplasty, Intac's corneal ring segments, Custom contoured C-CAP, at Intraocular contact lens
- 4) Mga hearing aid device at device na tulong sa pandinig

Sa mga bihirang sitwasyon kung saan itinuturing ng doktor ng SHC na kinakailangan sa paggamot ang isa sa mga serbisyong ito, maaaring maging kwalipikado ang mga naturang serbisyo para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance pagkatapos itong masuri at maaprubahan ng Chief Medical Officer ng SHC. Nakalaan sa SHC ang karapatang baguhin, sa sarili nitong pagpapasya, ang listahan ng mga serbisyong itinuturing na hindi kinakailangan sa paggamot.


- c. Ang mga pangalawang opinyon ay hindi itinuturing na mga serbisyo ng ospital o doktor na kinakailangan sa paggamot at samakatuwid ay hindi ito kwalipikado para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance.

3. Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado ng Pasyenteng Walang Insurance:

- a. Dapat ibigay ng SHC ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance sa mga indibidwal na makakatugon sa paglalarawan ng Pasyenteng Walang Insurance na gaya ng nakasaad sa ibaba at makakapagtunay ng kanilang pagiging kwalipikado.
- b. Para sa mga layunin ng Patakarang ito, ang Pasyenteng Walang Insurance ay isang indibidwal na nakakatugon sa mga pamantayang nakatakda sa parehong (1) at (2):

(1) Ang terminong “pasyente” ay nangangahulugan ding “pamilya” ng pasyente. Ang “pamilya” ng pasyente ay nangangahulugang:

- i. Para sa isang indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda pa, iyon ay ang asawa, domestikong kapareha, at mga nakadependeng anak na wala pang 26 na taong gulang ng indibidwal na iyon, kasama man sa bahay o hindi.
- ii. Para sa isang indibidwal na wala pang 18 taong gulang, iyon ay ang magulang, tagapag-alaga, mga kamag-anak at iba pang anak ng magulang, tagapag-alaga o kamag-anak na wala pang 26 na taong gulang ng indibidwal na iyon.


		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyong Hindi Pang-emergency)		Pahina 4 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

(2) Ang pasyente ang “mismong nagbabayad” at samakatuwid ay itinuturing na “walang insurance” para sa mga layunin ng Patakarang ito kung nalalapat ang alinman sa sumusunod:

- i. Ang pasyente ay walang pagsaklaw ng third party mula sa isang insurer sa kalusugan, plano sa serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, Medicare, o Medi-Cal, at wala siyang pinsalang mababayaran sa ilalim ng mga layunin ng sahod ng mga manggagawa, insurance sa sasakyan, o iba pang insurance na gaya ng tinukoy at naisadokumento ng SHC.
- ii. Ang pasyente ay may pagsaklaw ng third-party, pero lagpas na ang pasyente sa cap ng benepisyong para sa naturang pagsaklaw bago siya ma-confine sa SHC.
- iii. Ang pasyente ay may pagsaklaw ng third-party pero tinanggihan ng third party na nagbabayad ang pagsaklaw o hindi ito nagbigay ng pagsaklaw para sa mga partikular na serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na hinihiling ng pasyente sa SHC para sa paggamot.
- iv. Ang pasyente ay hindi saklaw ng Medicare, Medicaid o anumang programa ng pamahalaan at mayroon siyang pagsaklaw ng third party na wala sa network na wala, o may mga limitadong benepisyong wala sa network para sa mga serbisyong hindi pang-emergency.

4. Impormasyong Dapat Ibigay ng Pasyente para sa Pagpapasya Tungkol sa Pagiging Kwalipikado:

- a. Ang SHC ang magpapasya sa pagiging kwalipikado para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance alinsunod sa Patakarang ito, at hindi ito magbabatay sa edad, kasarian, lahi, status ng pagiging imigrante, sekswal na oryentasyon o kaugnayan sa relihiyon.
- b. Ang pasyenteng may pagsaklaw ng third-party at nag-a-apply para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance ay dapat magbigay ng impormasyon hinggil sa natural pagsaklaw na gaya ng hinihiling ng SHC para makagawa ang ospital ng hiwalay na pagpapasya kung Pasyenteng Walang Insurance ang naturang pasyente batay sa nakasaad sa itaas.

		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyonang Hindi Pang-emergency)		Pahina 5 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

- c. Inaasahan ng SHC ang ganap na pakikipagtulungan ng pasyente sa proseso ng pangangalap ng impormasyon sa ilalim ng Patakarang ito, at kapag hindi iyon nagawa, maaari iyong makaapekto sa kakayahan ng ospital na maipagkaloob ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance.

B. ABISO SA PUBLIKO

1. Ang abiso sa publiko tungkol sa pagiging available ng Mga Diskwento sa Indibidwal na Walang Insurance sa ilalim ng Patakarang ito ay ipaparating sa pamamagitan ng mga sumusunod:
 - a. Mga nakapaskil na abisong nagpapaliwanag na may iba't ibang opsyon ang SHC na magagamit at kasama rito ang mga diskwento at pinansyal na tulong sa mga pasyenteng walang insurance o hindi sapat ang insurance.
 - b. Kasama sa mga abiso ang numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan na maaaring tawagan ng pasyente upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga naturang diskwento at pinansyal na tulong.
2. Ipinapabatid sa mga billing statement ng SHC sa pasyente na may magagamit na Mga Diskwento sa Indibidwal na Walang Insurance sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Customer Service Center ng SHC.

IV. PAGSUNOD

- A. Ang lahat ng miyembro ng lakas-paggawa kabilang ang mga empleyado, nakakontratang kawani, mag-aaral, volunteer, may kredensyal na medikal na kawani, at indibidwal na kumakatawan o may kaugnayan sa pamamaraan sa SHC ay may responsibilidad na tiyaking sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito;
- B. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Department Manager at sa iba pang naaangkop na Departamento na tutukuyin ng Department Manager o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang malaman ang uri, lawak, at potensyal na peligro nito sa ospital. Ang mga miyembro ng lakas-paggawang lalabag sa patakarang ito ay isasailalim sa naaangkop na pandisiplinang pagkilos na hanggang sa, at kinabibilangan ng pagkatanggal.

Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyong Hindi Pang-emergency)

Mga Departamento: Lahat ng Departamento

Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente

Reference # NA

Pahina 6 of 9

V. MGA APENDIX

- A. Attachment A: Impormasyon Tungkol sa Kasalukuyang Rate ng Diskwento sa Indibidwal na Walang Insurance

VI. MGA KAUGNAY NA DOKUMENTO


- A. Patakaran sa Pinansyal na Tulong / Kawanggawang Pangangalaga ng SHC
B. Patakaran sa Pangongolekta para sa Utang ng SHC

VII. IMPORMASYON NG DOKUMENTO

- A. Legal na Awtoridad/Mga Sanggunian Wala
- B. May-akda/Orihinal na Petsa
Hunyo 2007, David Haray, Vice President, Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente
- C. Nag-iingat sa Orihinal na Dokumento
Director, Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente - Tanggapan sa Pamamahala ng Sariling Pagbabayad
- D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew

Semi-annual na susuriin ang Patakarang ito o kung kinakailangan dahil sa pagbabago, batas o pamamaraan. Ang anumang pagbabago sa Patakaran ay dapat maaprubahan ng mga parehong entidad o taong nagbigay ng paunang pag-apruba.


- E. History ng Pagsusuri at Pagrerebisa
- Hunyo, 2007, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, Gary May, VP Managed Care, SUMC, David Haray, VP para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente, SUMC
 - Nobyembre, 2007, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, Gary May, VP para sa Pinapamahalaang Pangangalaga, SUMC, David Haray, VP para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente, SUMC
 - Setyembre 2010, Steve Chinn, DPM, Director, Accreditation, Kalidad at Kaligtasan

		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyonang Hindi Pang-emergency)		Pahina 7 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

- Marso, 2014, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, David Haray, VP para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente
- Disyembre, 2014 Andrea M. Fish, Tanggapan ng General Counsel, Terri Meier, Director para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente, Michael Honeyman, Assistant Director para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente
- Hulyo, 2018, Andrea M. Fish, Tanggapan ng General Counsel, Kristine Grajo, Director para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente – Tanggapan sa Pamamahala ng Sariling Pagbabayad
- Hunyo, 2019, Sarah J. Diboise, Tanggapan ng General Counsel, Noel Juairé, Interim Executive Director para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente, Kristine Grajo, Director para sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente – Tanggapan ng Pamamahala sa Sariling Pagbabayad

F. Mga Pag-apruba

- Agosto 2007, Core Operations Group ng SHC
- Pebrero 2008, Core Operations Group ng SHC
- Oktubre 2010, Komite sa Kalidad, Kaligtasan ng Pasyente at Pagiging Epektibo
- Nobyembre 2010, SHC MEC
- Nobyembre 2010, Komite sa Mga Kredensyal, Patakaran at Pamamaraan ng SHC Board
- Mayo 2014, Komite sa Kalidad, Kaligtasan ng Pasyente at Pagiging Epektibo
- Hunyo 2014, Medical Executive Committee
- Hunyo 2014, Komite sa Mga Kredensyal, Patakaran at Pamamaraan
- Agosto 2015, Komite sa Mga Kredensyal, Patakaran at Pamamaraan

		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyong Hindi Pang-emergency)		Pahina 8 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

Attachment A

Impormasyon Tungkol sa Kasalukuyang Rate ng Diskwento sa Indibidwal na Walang Insurance Simula Marso 28, 2019


Alinsunod sa Patakarang ito, ang mga indibidwal na natukoy na Mga Pasyenteng Walang Insurance ay maaaring makatanggap ng mga sumusunod na diskwento para sa serbisyong kwalipikado bilang kinakailangan sa paggamot. Ang mga diskwento para sa 340B na gamot ay para lang sa mga 340B na kwalipikadong pasyente at hindi ito nalalapat sa patakarang ito.

- Limampung porsyentong (50%) diskwento para sa Mga Bayarin sa Doktor na sinisingil ng mga doktor na empleyadong faculty (Stanford).
- Animnapung porsyentong (60%) diskwento para sa Mga Bayarin sa Ospital na sinisingil ng Stanford Health Care (SHC) para sa mga domestikong pasyente.
- Limampung porsyentong (50%) diskwento para sa Mga Bayarin sa Ospital na sinisingil ng Stanford Health Care (SHC) para sa mga pasyente sa internasyonal na paggamot.

Dagdag dito, ang gastusin sa mga piling gamot, device at supply sa outpatient ay sisingilin sa Pasyenteng Walang Insurance sa halagang sisingilin ng SHC na may karagdagang limang porsyento (5%) para sa Mga Bayarin sa Ospital.

Ang dagdag na pagdidiskwento para sa Mga Doktor ng Stanford ay ilalapat Lang sa mga sumusunod na Bayarain sa Doktor:

- Multiple surgery: limampung porsyentong (50%) diskwento para sa pangalawang pamamaraan, pitumpu't limang porsyentong (75%) diskwento para sa pangatlong pamamaraan at sa anumang karagdagang pamamaraan
- Assistant surgeon: pitumpu't limang porsyentong (75%) diskwento
- Co-surgeon: tatumpu't tatlong porsyentong (33%) diskwento
- Bi-lateral procedure: tatumpu't tatlong porsyentong (33%) diskwento
- Psychiatry: animnapung porsyentong (60%) diskwento

		Petsa Kung Kailan Huling Naaprubahan: 09/13/2019
Pamagat ng Patakaran: Patakaran sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Hindi Sapat ang Insurance (Mga Serbisyong Hindi Pang-emergency)		Pahina 9 of 9
Mga Departamento: Lahat ng Departamento		
Mga Key Word: Diskwento, walang insurance, diskwento sa pasyente	Reference # NA	

Ilalapat sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance ang karagdagang diskwentong ito para sa mga serbisyo ng Doktor ng Stanford na nakalista sa itaas. Ilalapat muna ang mga naturang dagdag na diskwento sa mga sinisingil na bayarin. Ang limampung porsyentong (50%) Diskwento sa pasyenteng walang insurance ay ilalapat sa balanse kung naaangkop ito alinsunod sa Patakaran.

Susuriin nang kada quarter ang mga kasalukuyang halaga ng diskwento at maaaring mabago ang mga ito anumang oras nang walang abiso.